Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 54

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 222

**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NA NAGHIHIKAYAT SA MGA MAMAMAYAN, BARANGAYAN, ESKWELAHAN, SIMBAHAN, OSPITAL, PAMILIHANG BAYAN, KAGAWARAN NG KALUSUGAN AT NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG LUNGSOD NG MAYNILA NA MAGSAGAWA NG MGA HAKBANGIN PATUNGKOL SA PAG-IWAS AT PAGLABAN SA SERYOSONG BANTA NG DENGUE LALO NA NGAYONG PANAHON NG TAG-ULAN

MGA PANGUNAHING MAY AKDA: **KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP,** KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, **KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA**, Pansamantalang Punong Mayorya, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo

SAPAGKAT, ang dengue ay isang nakamamatay na sakit sanhi ng kagat ng isang uri ng lamok o Aedes Aegypti na kung saan ang biktima ay nakakaranas ng matagalang lagnat, pananakit ng kalamnan at iba pang senyales nito;

SAPAGKAT, siyamnapu't dalawa (92) ang namatay na sa unang tatlong buwan ngayong taon sanhi ng dengue;

SAPAGKAT, sa unang tatlong buwan pa lamang ng taong ito ay tumaas ng halos doble ang dami ng naitalang kaso ng dengue, dalawampu't pitong libo, anim na daan at pitongpu (27,670) kaso ng dengue kumpara sa labing apat na libo, dalawang daan at pitungpu't walo (14,278) kaso ng dengue noong nakaraang taon;

SAPAGKAT, hinihikayat ang bawat isa na pangalagaan ang sarili laban sa kagat ng lamok sa pamamagitan ng pag-gamit ng 4S kontra dengue:

1S – Suyurin at sirain ang mga pinamumugaran ng mga lamok;
2S – Sarili ay protektahan laban sa lamok;
3S – Sumangguni agad sa pinakamalapit na pagamutan;
4S – Sumuporta sa pagpapa-usok (misting) kapag may banta ng "*outbreak*"

SAPAGKAT, ang buwan ng Hunyo ay tinaguriang National Dengue Awareness Month, na kung saan ang mga insidente ng dengue ay inaasahang lalong dadami ngayong tag-ulan dahilan sa pagdami din ng mga "*breeding sites*": KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na naghihikayat sa mga mamamayan, barangayan, eskwelahan, simbahan, ospital, pamilihang bayan, Kagawaran ng Kalusugan at ng Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Maynila na magsagawa ng mga hakbangin patungkol sa pag-iwas at paglaban sa seryosong banta ng Dengue lalo na ngayong panahon ng tag-ulan; at KAYA MULING MANGYARING

IPASIYA, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang lahat ng tanggapan ng Barangay ng Lungsod ng Maynila, Kagawaran ng Kalusugan, Division of City Schools, simbahan, pampublikong pamilihan, Tanggapan ng Punong Lungsod at pampublikong Ospital.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 30 ng Mayo, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/avs